Institute of Political Economy

Setyembre 2004

Praymer sa Krisis Piskal

Krisis sa utang, krisis sa badyet

May krisis piskal ang Pilipinas. Ibig sabihin nito ay lumolobo ang utang ng gobyerno, lumalaki ang porsyento ng badyet na pambayad sa utang at interes habang lumiliit naman ang kita ng gobyerno, kung kayat lomolobo ang depisit sa badyet.

3rd Floor, SCC Building, 4427 Interior Old Sta. Mesa, Manila ● P.O. Box SM-447, Manila 1008
Tels. 7132737, 7132729 ● Fax 7160108 ● E-mail: perc@ibon.org

Kaya ngayon nangangampanya ang gobyerno sa utos ng IMF na magpataw ng bagong buwis habang pinaghihigpit pa ng sinturon ang gubyerno para lamang tiyaking patuloy na bayaran ang utang.

Ano nga ba ang ibig sabihin ng krisis piskal ng gobyerno? Bakit lumolobo ang utang? Nakakabahala ang krisis piskal ng gobyerno dahil patuloy pa ring pinalolobo ang utang panlabas kahit humulagpos na sa kontrol ng gubyerno.

“Kapag hindi na nakabayad ng utang ang Pilipinas, maiilit ba ang Pilipinas?”, ito ang tanong ng isang nababahalang estudyante mula sa high school sa isang malaking forum.

Hindi naman “maiilit” pero mas masahol pa ang mangyayari dahil magsasara ang mga empresa’t maraming mawawalan ng trabaho habang titigil ang maraming aktibidad dahil sa kakapusan ng suplay ng angkat na produkto.

Wala nang katapusang siklo ang pangungutang ng Pilipinas na nabaon na sa krisis sa utang. Isang suliranin na tila walang solusyon hangga’t sunud-sunuran ang gobyerno sa dikta ng International Monetary Fund (IMF) at World Bank.

Ipinantatakot ng IMF-World Bank ang napipintong pagsambulat ng krisis piskal para ipapasan sa mamayang naghihirap ang responsibilidad sa pagbayad ng utang sa pamamagitan ng mga bagong buwis at pagmahal ng mga saligang serbisyo at bilihin .

Mahalagang tandaan na ang usapin ng krisis sa badyet at utang ay dulot ng kalagayang mala-kolonyal at mala-pyudal ng Pilipinas. Ibig sabihin, ang mga epekto ng krisis na ito ay manipestasyon na lamang ng yugto at kasagsagan ng mga pundamental na usapin sa utang at badyet.

1 Ano ang krisis sa badyet ng gobyerno?

Nalulong na ang gobyerno ng Pilipinas sa matinding krisis sa pambansang badyet. Kung tutuusin, ang krisis sa badyet ay isang permanenteng krisis bunga ng malakolonyal na katangian ng pambansang ekonomya.

Sa nakaraang 24 na taon, apat na ulit lang nagtala ng surplus sa badyet ang gobyerno ng Pilipinas. Ito ay ang mga taong 1994 hanggang 1997 kung kailan kumita nang husto ang administrasyong Ramos sa pagbibenta ng pinakamalalaking pag-aari ng gobyerno. Subalit pagtuntong ng mga sumunod na taon, nagsimula na ang drastikong pagbulusok ng depisito sa badyet.

Bagaman isang permanenteng katangian na ang krisis sa badyet, ang krisis mula noong 1999 ay isang seryosong tuluy-tuloy na pagbulusok. Hindi nakakasasabay ang kita ng gobyerno sa gastos nito. Halimbawa, mula 2000 hanggang 2003, lumaki ang kita ng gobyerno ng 21.7% samantalang lumobo ang gastos nito ng 27.4 bahagdan.

Hindi lamang ang absolutong halaga ng depisito ang lumalaki kundi maging ang deficit to GDP ratio o ang depisito bilang bahagi ng GDP. Katunayan, ang depisito sa budget noong 2002 (P212.6 bilyon) ay pinakamalaki sa kasaysayan kapwa sa absolutong halaga at bilang bahagi ng GDP. (Tingnan ang **Talahanayan 1**)

Dahil sa krisis sa badyet, patuloy na lumiliit ang bahagi ng mga panlipunang serbisyo sa pambansang badyet. Sa kabilang banda, patuloy namang lumalaki ang nilalamon sa badyet ng pagbabayad sa utang. (Tingnan ang **Talahanayan 2**)

2 Ano ang krisis piskal ng Pilipinas?

May krisis piskal ang Pilipinas dahil habang patuloy na lumiliit ang kita ng gobyerno ay lumulobo ang utang nito. Nasa krisis tayo sapagkat kalakhan ng maliit na kita ng gobyerno at lumalaking utang ay sa utang din napupunta subalit ang nakikitang solusyon dito ng gobyerno ay ibayo pang pangungutang.

Talahanayan 1
Cash operations ng pambansang gobyerno
Sa bilyong piso

Indicator	1980	1985	1990	1995	2000	2001	2002	2003
Revenue	34.7	68.9	180.9	361.2	514.8	563.7	566.0	626.6
Expenditure	38.1	80.1	218.1	350.2	648.9	710.8	778.7	826.5
Deficit	3.4	11.1	37.2	11.1	134.2	147.0	212.6	199.9
Deficit/GDP ratio (%)	1.3	1.9	3.5	0.6	4.0	4.0	5.2	4.6

Ang mga detalye ay ay maaring di tumugma sa kabuuan dahil sa rounding.

Pinaghalawan: Department of Finance

Talahanayan 2
Bahagi ng mga panlipunang serbisyo sa pambansang badyet, 1997-2005
Bahagdan ng pambansang badyet

Item	1997	1998	1999	2000	2001	2002	2003	2004p
Edukasyon	19.3	19.7	19.1	16.9	16.9	17.0	16.06	15.5
Kalusugan	2.9	2.5	2.6	2.1	1.8	1.9	1.6	1.5
Pabahay	0.4	0.5	0.7	1.2	0.2	0.2	0.2	0.3
Debt service (Interest)	15.8	18.6	18.3	20.6	24.7	25.0	28.4	31.4

p - preliminary

Pinaghalawan: Department of Budget and Management

Katunayan, ipinamamarali dati ng gobyerno na wala pa silang krisis dahil nakakautang pa rin ang gobyerno para bayaran pa rin ang utang. Ipinamamalas ng ganitong paliwanag ang bangkaroteng pananaw ng gobyerno na patuloy na nagbubulid sa bansa sa kumunoy ng utang.

Sa unang pitong buwan ng 2004, umaabot na sa P99.4 bilyon ang depisito sa badyet ng gobyerno. Ang target para sa buong taon ay P197.8 bilyon. Ibig sabihin, lumiliit ang kita ng gobyerno relatibo sa gastusin nito.

May depisito sa badyet sapagkat kinakapos ang kita ng gobyerno sa buwis, sa taripa at iba pa, habang kakarampot ang natitirang ari-arian para ibenta. Ang pagbagsak ng mga ito ay direktang bunga ng pagpapatupad ng gobyerno ng mga patakaran ng globalisasyon gaya ng liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan, agresibong pang-aakit ng dayuhang kapital, at pribatisasyon.

Makikita ito sa pagliit ng revenue effort (koleksyon bilang bahagi ng gross domestic product o GDP) ng mga pangunahing ahensyang taga-kolekta ng gobyerno. Ang kabuuang tax revenue bilang bahagi ng GDP ay bumaba mula 16.9% noong 1996 sa 12.3% noong 2003. Bunga ito ng pagbaba ng revenue effort ng Bureau of Internal Revenue (BIR), bumaba mula 12% sa 9.6%, at Bureau of Customs (BOC), mula 4.8% sa 2.4 bahagdan. (Tingnan ang **Talahanayan 3**)

Talahanayan 3
Revenue effort ng pambansang gobyerno
Bahagdan ng GDP

Ahensya	1996	2000	2001	2002	2003
Tax revenue	16.9	15.6	15.5	14.2	12.3
BIR	12.0	10.9	10.7	9.9	9.6
BOC	4.8	2.9	2.6	2.4	2.4
Non-tax revenue	1.9	1.6	2.0	1.8	2.0
Fees/charges	0.5	0.6	0.7	0.6	0.4
BTr income	1.1	0.9	1.3	1.2	1.6
Total revenue	18.9	15.6	15.5	14.2	14.4

Ang mga detalye ay ay maaring di tumugma sa kabuuan dahil sa rounding.

Pinaghalawan: Bureau of Treasury

Samantala, ang utang panlabas ng Pilipinas ay patuloy na lumolobo, at umabot na sa halos $56.7 bilyon. Ito ay katumbas na ng halos 73% ng GDP o katumbas ng isang taong kabuuang kinikita ng Pilipinas ang utang natin sa ibang bansa. Ang 67% ng kabuuang utang panlabas ay utang publiko.

Sa kabilang banda, ang outstanding debt ng pampublikong sektor (utang ng pambansang gobyerno kasama ang utang ng mga government-owned and controlled corporations o GOCCs, local government units o LGUs, at government financial institutions o GFIs mula sa dayuhan at lokal na pinagkakautangan) ay umaabot na sa P5.4 trilyon noong Setyembre 2003. Kung di isasama ang utang ng LGUs, ito ay nasa P4.1 trilyon noong Pebrero 2004.

Batay sa ulat ng Department of Finance (DOF), 37% ng kita ng gobyerno noong nakaraang taon ay napunta sa pagbabayad ng interes pa lamang ng utang. Bunga ito ng automatic debt servicing kunsaan kahit halos wala nang magastos ang gobyerno para sa mga panlipunang serbisyo, obligado itong maglaan ng pondo pambayad sa mga utang nito.

Kung titingnan naman sa alokasyon sa panukalang badyet ng Pangulo na P907.7 bilyon para sa 2005, 33% ay mapupunta sa pagbabayad ng interes ng utang. Kung isasama pa ang pagbabayad sa principal na nakatakdang bayaran sa susunod na taon, aabot sa P645.9 bilyon ang debt service ng gobyernong Arroyo sa 2005. Dahil sa automatic debt servicing, ganito kalaking halaga ang awtomatikong ilalaan para pambayad ng utang.

3 Ano ang kalagayan ng utang panlabas ng Pilipinas?

Sa pagpasok ng unang kwarto (Marso 2004) ng taon, ang utang panlabas ng bansa ay umaabot na sa $56.7 bilyon, mas malaki ng halos $900 milyon sa utang panlabas sa parehong panahon noong 2003 (US$55.8 bilyon). Kung ikukumpara ang utang panlabas sa pagtatapos ng 2003 sa utang panlabas sa pagtatapos ng 2002, lumobo ito ng $3.8 bilyon. (Tingnan ang **Talahanayan 4**)

Talahanayan 4
Utang panlabas ng Pilipinas
Sa bilyong dolyar

Indicator	1996	2000	2001	2002	2003	2004a
Batay sa maturity	39.9	51.2	51.9	53.6	57.4	56.7
1. Medium at long-term	34.4	45.7	45.9	48.1	51.2	49.2
2. Short-term	5.4	5.5	6.0	5.6	6.2	7.5
Batay sa pinagkakautangan	39.9	51.2	51.9	53.6	57.4	56.7
1. Bangko at iba pang pampinansyang institusyon	6.4	10.4	11.6	11.8	10.7	11.4
2. Suppliers	2.6	1.6	1.9	2.1	3.2	3.7
3. Multilateral	8.6	9.7	9.6	8.9	9.0	8.6
a. IBRD	4.7	3.6	3.2	3.3	3.4	3.3
b. IMF	0.4	2.0	1.9	1.7	1.2	1.0
c. ADB	3.1	3.3	3.2	3.3	3.7	3.6
4. Bilateral	13.4	15.3	14.5	15.6	16.9	17.0
a. Export agencies	4.7	1.9	2.4	2.5	2.3	2.1
b. Others	8.8	13.4	12.2	13.1	14.6	14.9
5. Bondholders/noteholders	8.7	13.3	13.6	14.8	17.1	15.4
6. Iba pa	0.2	0.9	0.8	0.4	0.4	0.5
Batay sa bansang nagpapautang	39.9	51.2	51.9	53.6	57.4	56.7
1. Bansa	22.6	28.2	28.8	29.9	31.2	32.6
a.USA	3.5	5.4	6.0	6.3	6.2	5.6
b.Japan	11.1	13.1	11.9	12.9	14.5	14.8
c.UK	0.5	0.7	0.5	0.5	0.7	0.6
d.France	0.7	0.8	0.7	0.9	0.9	2.1
e.Germany	1.3	3.1	3.5	3.2	2.7	2.8
2. Multilateral agencies	8.6	9.7	9.6	8.9	9.0	8.6
3. Bondholders/noteholders	8.7	13.3	13.6	14.8	17.1	15.4

Ang mga detalye ay ay maaring di tumugma sa kabuuan dahil sa rounding.

a – hanggang Marso lamang

Pinaghalawan: Bangko Sentral ng Pilipinas

Kung ikumpara ang datos ng 2003 sa 1996 malinaw na ang pinakamalaking paglobo ng utang ay sa bonds market na lumaki ng 96 bahagdan. Nitong mga nagdaang taon, puspusan ang pagbebenta ng gubyerno ng mga bonds, notes at Treasury bill sa pandaigdigang spekulatibong pamilihan. Ito ay isang mabilis na paraan ng paglilikom ng dolyar at mas maliit ang interes. Ito ang pangunahing dahilan ng mabilis na paglobo ng utang.

Subalit ang walang habas na pangungutang sa pamamagitan ng bonds at paggamit ng nalikom na dolyar mula dito upang tustusan ang kakapusan ng badyet ay isang sugal na wala ding ibang patutunguhan kundi mas malaking utang. Sa pagkakataong ito, sa mga pribadong indibidwal at mga korporasyong bondholders/noteholders nagpapabango ang gobyerno para makapangutang sa pamamagitan ng “pagbebenta” ng bono ng pagkakautang.

Para mabenta, kusang nagpapailalim ang gobyerno sa monitoring ng IMF kahit maliit na lang ang utang natin dito para magkaroon ng basbas. Ito ang dahilan kung bakit napakaingat at napakahigpit ng gobyerno hinggil sa pagbabayad ng utang at mahigpit na sinusunod ang mga patakarang idinidikta ng IMF gaya ng liberalisasyon, deregulasyon, at pribatisasyon.

Ang kabuuang utang ng pambansang gobyerno (di kasama ang utang ng LGUs) ay umaabot na sa P4.1 trilyon noong Pebrero 2004, ayon sa datos ng Bureau of Treasury (BTr). Binubuo ito ng P3.4 trilyon na outstanding debt (aktwal na utang) at P723.4 bilyon na outstanding contingent debt (garantya sa mga utang ng GOCCs at GFIs gayundin ang garantya sa mga risk ng build-operate-transfer o BOT na mga kontrata at iba pa). (Tingnan ang **Talahanayan 5**)

4 Paano nagsimula ang krisis sa utang ng bansa?

Ang krisis sa utang panlabas ng bansa ay maiuugat sa malapyudal na ekonomiyang hinulma upang magsilbi sa monopolyo kapitalistang US. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, tiniyak ng US na patuloy na pagsisilbihan ng Pilipinas ang interes ng US. Ipinuhunan ng US ang sobrang kapital sa bansa at monopolyado nito ang mga estratehikong negosyo.

Talahanayan 5
Utang ng pambansang gobyerno, 1999-2004
Sa trilyong piso

Indicator	1999	2000	2001	2002	2003	2004a
Outstanding debt	1.8	2.2	2.4	2.8	3.4	3.4
Domestic	0.9	1.1	1.2	1.5	1.7	1.8
Foreign	0.8	1.1	1.1	1.3	1.6	1.6
Outstanding contingent debt	0.4	0.5	0.5	0.6	0.7	0.7
Domestic	0.008	0.01	0.02	0.02	0.02	0.02
Foreign	0.4	0.5	0.5	0.6	0.7	0.7
Kabuuan	2.1	2.6	2.9	3.4	4.1	4.1

a – hanggang Pebrero lamang.
Ang mga detalye ay ay maaring di tumugma sa kabuuan dahil sa rounding.

Pinaghalawan: Bureau of Treasury

Pagmamay-ari rin nito ang pinakamalalaking bangkong komersyal, kumpanya sa seguro at iba pang institusyon sa pinansya. Sa maliit na pamumuhunan nito sa bansa at paggamit ng lokal na pautang, milyon-milyong dolyar ang binabawi nitong puhunan at iniuuwing ganansya sa US.

Samantala, dahil sa kolonyal at agraryong katangian ng ekonomya ng Pilipinas, nakaasa ito sa palitan ng lokal na hilaw na materyales at yaring produktong dayuhan laluna iyong nagmumula sa US. Mataas ang presyo ng yaring produkto na binibili sa dayuhang monopolyo at binabarat naman ang hilaw na materyales na binebenta ng Pilipinas. Bagaman may mga underpriced na yaring produkto (dumping), sa kabuuan maliit ang kinikita sa eksport kumpara sa ipinambibili sa import.

Resulta nito, nalulugi ang bansa sa kalakalang panlabas. Noong 1949, dinanas ng bansa ang unang krisis sa balance of payments (BOP). Tumaas nang tumaas ang tantos ng taunang depisit ng bansa. Upang matustusan ang pangangailangan ng bansa, pumasok sa pangungutang ang papet na gubyerno.

Sa kaunaunahang pagkakataon, umutang ang Pilipinas noong 1955 ng US$ 10 milyon sa IMF at $21 milyon sa World Bank noong 1957. Mataas ang interes at maikli ang taning sa pagbabayad sa mga pagkakautang ng bansa, di lamang sa IMF-World Bank kundi sa mga pribadong bangko rin na karamihan ay pag-aari ng US at ito ay nagbunsod sa implasyon at debalwasyon ng piso.

Para sa imperyalismo, ang pagpapautang ay nagtitiyak na ang mga bangkaroteng bansa ay may kakayahang bumili ng mga labis na produktong nililikha ng mga negosyo ng imperyalistang bansa. Bukod dito, ang pagpapautang din ay isang malaking negosyo para sa imperyalismo kunsaan sa interes pa lamang nito ay dambuhalang tubo na ang kanilang kinikita. At syempre, ang pagpapautang ay isang mabisang paraan para tiyaking susunod ang mga bansang lubog sa utang sa mga patakaran sa higit pang liberalisasyon, deregulasyon, at pribatisasyon. Upang maka-akses sa mas marami pang utang, ipinapatupad ng gobyerno ang mga kondisyon (mga patakaran at repormang konsistent sa globalisasyon) ng nagpapautang.

Kaya mula noon hanggang ngayon, sa kabila ng iba't ibang estratehiya at patakarang pang-ekonomya ng bawat papet na gubyerno ayon sa preskripsyon ng IMF-World Bank at diumano ay kasagutan sa kawalan ng kita ng bansa, hindi na mapigilan ang pagbulusok ng ekonomya at paglobo ng utang.

5 Ano ang ugat ng krisis piskal at utang panlabas ng gobyerno?

Ang bulto ng utang panlabas ng Pilipinas ay kumbinasyon ng pangungutang para sa mga pampublikong proyektong imprastruktura at iba pang diumano development projects at inutang na dolyar pampuno sa balance of payments (BOP)/balance of trade (BOT). Ibig sabihin, ang utang panlabas ay pambayad sa mga proyektong itinulak ng mga imperyalistang korporasyon at pambayad sa mga inangkat na produkto nila. Ito sa esensya ang paraan ng pag-ani ng super-tubo ng imperyalismo na idinadaan sa pagpapautang sa mga bansang atrasado at walang pera.

Ang mga burukrata kapitalista ang siyang ahente ng mga imperyalista sa pagpapagulong ng mga di kinakailangan at nakakasirang mga proyektong pang-imprastruktura tulad ng dams, at pagpapapasok ng mga inangkat na produkto at paghahanap ng dolyar na pambayad sa mga ito. Kumikita sila sa pamamagitan ng pangungumisyon sa mga proyekto, pangungumisyon sa mga korporasyong imperyalista na nangangalakal at namumuhunan sa bansa, at sa pamamagitan ng lansakang korupsyon at ismagling.

Lahat ng mga ito ay nag-iipun-ipon para kapusin ng dolyar ang bansa at kapusin ng pera ang gobyerno para bayaran ang mga inutang sa mga proyekto. At dahil ang mga dayuhang korporasyon ay halos libre naman sa pagbabayad ng buwis, ang mahihirap na korporasyong Pilipino at mamamayan ang tanging nagbabayad ng buwis para ipambayad sa utang – na siyang naunang pinambayad sa tubo ng mga korporasyong imperyalista na nagtayo ng mga imprastruktura, namuhunan at nagbenta ng kalakal sa Pilipinas.

Noong ikalawang bahagi ng 1970s, nagsimulang bumagal ang pandaigdigang ekonomya na lubhang nakaapekto sa export-oriented at foreign investment-led na pambansang ekonomya. Muling nagkakrisis sa BOP ang bansa at nagsimulang bumagal ang paglago ng ekonomya. Upang pagtakpan ito, nangutang nang husto ang diktadurang Marcos (1966-1986) mula sa mga transnational commercial banks, multilateral creditors, sa US, at iba pang bansa.

Natugunan ang depisito sa BOP subalit lubhang lumaki ang utang panlabas – mula $2.3 bilyon noong 1970 tungo sa $17.2 bilyon noong 1980. Sa gitna ng matinding pangungutang ng gobyerno, tiniyak ng IMF-World Bank na mababayaran nito ang mga utang. Kaya noong 1977, inilabas ni Pangulong Marcos ang Presidential Decree 1177 na nagtiyak sa awtomatikong paglalaan ng pambayad utang. Ang pangungurakot ni Marcos at ng kanyang pamilya at mga kroni ay lalong nagpalala sa utang ng Pilipinas. Kaya nang mapatalsik si Marcos noong 1986, ang utang panlabas ng bansa ay umabot sa mahigit $28 bilyon (nasa $1 bilyon lang ang utang panlabas ng Pilipinas nang umupo bilang pangulo si Marcos noong 1966).

Nang pumasok ang rehimeng Aquino (1986-1992), ipinagpatuloy nito ang pagkalulong sa utang ng bansa. Katunayan, isang taon pa lamang sa

Malacanang, inilabas ni Pangulong Aquino ang Executive Order 292 na sumusog sa PD1177 ni Marcos. Pinanghawakan ng mga administrasyong Ramos (1992-1998), Estrada (1998-2000), at Arroyo ang mapaniil na patakarang sinimulan ng diktadurang Marcos.

6 Paano pinalala ang krisis piskal ng globalisasyon?

Habang patuloy na lumalaki ang utang panlabas ng gobyerno, lumalala rin ang pagkabangkarote nito. Ngunit ang pinakakamalalaking pagtaas sa utang at depisito sa badyet ay nagsimulang maitala noong ikalawang bahagi ng dekada nobenta – o ang panahong malawakang ipinatupad ang mga patakaran globalisasyon sa bansa.

Pagkalugi sa pribatisasyon

Sa kagustuhang makapang-akit ng dayuhang pamumuhunan, halimbawa, pumayag ang gobyernong magbigay ng kung anu-anong garantya upang protektahan ang kapital at negosyo ng mga dayuhang korporasyon.

Pinakamatingkad na halimbawa nito ang mga di makatwirang kontrata ng National Power Corporation (NAPOCOR) sa mga pribadong independent power producers (IPPs). Halimbawa, pinapasan ng NAPOCOR ang gastos sa panggatong (fuel cost guarantee) ng mga IPPs at obligadong bilhin ang 70-100% kapasidad ng planta ng mga IPPs kahit hindi ito kailangan o gagamitin (take-or-pay).

Ang ganitong mga probisyon sa kontrata sa mga IPPs ang sanhi ng lalong pagkalugi ng NAPOCOR. Tinatayang umaabot sa P1.4 trilyon ang utang ng NAPOCOR at ang pambansang gobyerno ang pumapasan ng pagbabayad sa interes ng mga utang nito (sa ilalim ng bagong fiscal plan ng administrasyong Arroyo, tutustusan nito ang P311.7 bilyon pambayad interes ng NAPOCOR mula 2005 hanggang 2010).

Sa kabuuan, pinapasan ngayon ng gobyernong Arroyo ang P500 bilyong utang ng NAPOCOR upang padulasin ang ganap nitong pribatisasyon. Tinatayang magdadagdag ang nasabing hakbang ng gobyerno ng P35 bilyon

sa taunang depisito sa badyet. Ayon naman sa BSP, lolobo sa halos P7 trilyon ang kabuuang utang ng gobyerno samantalang ang utang panlabas ay aabot sa halos $60 bilyon sa pagtatapos ng 2004.

Dumadagdag din sa krisis sa utang at depisito ng gobyerno ang mga pumalpak nitong proyektong pribatisasyon gaya ng nangyayari sa Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS). Dahil sa panggigipit ng Maynilad, napilitan ang gobyernong saluhin ang mga utang na dapat sana ay Maynilad ang nagbabayad (concession fees).

Sa pinakahuling taya, umaabot na sa $180 milyon ang utang na di binayaran ng Maynilad na sinasambot ng MWSS (sa pamamagitan din ng dayuhang utang) simula pa noong 2001. Kaya mula sa surplus na budget noong 1998 (isang taon matapos isapribado), lumalaki ang depisito sa budget ng MWSS mula P3 bilyon noong 2001 tungo sa tayang P4.5 bilyon ngayong taon.

Dahil sa mga ahensyang gaya ng NAPOCOR at MWSS, sumambulat ang consolidated public sector deficit (CPSD) sa pinakamataas nitong tala sa kasaysayan – P244.6 bilyon noong nakaraang taon.

Samantala, matapos ang pribatisasyon ng malalaking ari-arian ng gobyerno noong panahon ni Ramos, halos wala nang maibenta ang administrasyong Arroyo (ang natitira na lamang na malaki ay ang NAPOCOR na di kaakit-akit dahil sa mga utang nito).

Mula sa pinakamalaking kita na P29.9 bilyon noong 1994, tuloy-tuloy na bumagsak ang kita ng gobyerno mula sa pribatisasyon tungo sa pinakamababang kita na mahigit P500 milyon noong nakaraang taon. At kung hindi sana ibinenta ito ng gobyerno, maaring mapagkunan ang mga ari-ariang ito ng tuluy-tuloy na dagdag na kita upang makatulong sa pag-ibsan sa krisis piskal.

Pagbaba ng kita dahil sa liberalisasyon

Tuloy-tuloy rin ang pagliit ng nakukulektang buwis at taripa ng gobyerno dahil sa agresibong liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan. Ang tariff reduction program ng National Economic Development Authority (NEDA) ay

nagpababa sa tariff rates ng mga produktong agrikultural ng 45.6% at ng mga produktong industriyal ng 65.3% sa pagitan ng 1994 at 2000.

Kaya mula sa pinakamataas na 5.6% bahagi ng import duties at taxes sa GDP noong 1993, tuluy-tuloy itong bumagsak sa 2.4% noong 2003. Tinatayang nasa P100 bilyon ang nawawalang potensyal na kita ng gobyerno taun-taon dahil sa liberalisasyon ng kalakalan.

Samantala, ayon naman sa Department of Finance (DOF), umabot sa P229.4 bilyon ang nawalang kita ng gobyerno noong 2003 dahil sa iba't ibang piskal na insentibong ibinibigay sa mga negosyante upang mahikayat silang mamuhunan sa bansa. Sa isang hiwalay na pagtaya, nasa P170.8 bilyon ang taunang revenue losses ng gobyerno dahil sa mga insentibong ito. Dagdag pa, ang mga malaking korporasyon din ang pangunahing tax evaders. Tinatayang umaabot sa P54.1 bilyon ang tax evasion ng mga korporasyon kumpara sa P26.7 bilyon sa propesyunal at self-employed, at P4.6 bilyon sa mga sahurang manggagawa.

Bunga pa rin ng liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan, naging lalong talamak ang smuggling sa bansa. Sa ilalim ng mga lokal na batas sa pamumuhunan, pinapayagan ang mga negosyong nagi-eksport, Pilipino man o dayuhan, na magtayo ng mga trading bonded warehouses, upang magpasok ng mga imported na hilaw na materyales nang walang taripa (duty-free). Ang kondisyon ay ang mga hilaw na materyales na ito ay gagamitin sa mga produktong pang-eksport. Pero ang mga produktong nalilikha ay sa lokal na pamilihan din ibinibenta.

Sa patuloy na pagbubukas ng ekonomya sa malayang kumpetisyon dala ng dayuhang kapital at kalakal, maraming lokal na empresa ang nalulugi at nagsasara. Halimbawa, noong 2003, 11 empresa ang nagsasara o nagbabawas ng manggagawa linggo-linggo dahil sa mga pang-ekonomyang kadahilanan. Halos 186 manggagawa ang nawawalan ng hanapbuhay araw-araw noong isang taon. Ang pagkabangkarote ng mga empresa at pagkawasak ng kabuhayan ay nag-aambag din sa pagliit pang lalo ng corporate tax at ibang buwis na nakukolekta sana ng gobyerno.

Samantala, ang pribatisasyon ng pagpapaunlad ng mga imprastruktura gaya ng tulay, kalsada, dam, airport, at iba pa, gayundin ang pribatisasyon ng mga

serbisyo ng gobyerno ay patuloy na nagbubukas ng pagkakataon para sa talamak nang korupsyon sa burukrasya. Sinasabing umaabot sa 20% ng pambansang badyet ang ninanakaw taun-taon ng mga opisyal ng gobyerno.

7 Ano ang panukala ng administrasyong Arroyo para harapin ang sukdulang krisis sa badyet at bayarin ng gobyerno?

Dahil sa tindi ng krisis, tinatayang aabot sa sukdulang ang krisis piskal at hindi na makakabayad ng utang sa 2006. Kaya nagkukumahog ang gobyerno upang lalo pang higpitan ang mahigpit na ngang sinturon ng public budget.

Kabilang dito ang pagbawas sa Priority Assistance Development Fund (PADF) o mas kilala bilang pork barrel ng 38% (mula P65 million pababa sa P20 milyon bawat kongresista) para makatipid ng P10 bilyon. Isa pang panukala ang pagpapanatili sa Internal Revenue Allotment (IRA) ng mga LGU para sa 2005 sa P141 bilyon (2004 level) sa halip na P151 bilyon (o pagtitipid ng P10 bilyon).

Para sa mamamayan sa probinsya, nangangahulugan ito ng lalo pang kakapusan sa pondong panustos sa mga batayang pangangailangan. Ang sahod ng mga doktor, nars, at guro sa kanayunan, halimbawa, ay galing sa pondo ng IRA, gayundin ang mga proyektong pang-imprastruktura. Ang higit na tatamaan nito ay ang mga mahirap na LGU na mababa lamang ang nakokolektang buwis.

Samantala, isinusulong rin administrasyong Arroyo ang P1.85 bawat kilowatt-hour na pagtataas ng singil ng National Power Corporation (NAPOCOR) upang makalikha ng karagdagang P75 bilyon para sa gobyerno. Ang lalo pang pagtaas ng mataas nang singil sa kuryente ay dagdag na pasanin sa mamamayan. Pero hindi pa rito nagtatapos ang kanyang paghihirap dahil may mga idadagdag pang bagong buwis at pagtataas ng buwis ang gobyerno para masawata ang depisito sa badyet.

Noong kanyang State of the Nation Address (SONA), ipinakula ni Pangulong Arroyo ang walong tax measures upang makalikha ng karagdagang P80 bilyong kita ang gobyerno. Naghain na ng mga panukalang batas sa

Mababang Kapulungan para rito ang mga alyadong mambabatas ng Pangulo. (Tingnan ang **Talahanayan 6**)

Talahanayan 6
Walong panukalang tax measures ni Pangulong Arroyo

Tax measure	Tinatayang kita Kongreso	Panukala sa
1.P2 bawat litrong across the board increase sa specific taxes sa mga produktong petrolyo	P29.7 bilyon	HB 1323 (Rep. Suarez)
2.Two-step increase sa VAT mula 10% tunong 12% hanggang 14%	P19.9 bilyon	walang datos
3.Indexation ng excise tax sa sin products (sigarilyo at alkohol)	P14 bilyon	HB 1591 (Rep. Singson)
4.Rationalization ng mga fee at charges ng mga serbisyo ng gobyerno, rationalization ng fiscal incentives para sa mga negosyo	P5.7 bilyon	HB 271 (Speaker de Venecia)
5.Institutionalization ng isang sistema ng lateral attrition sa BOC at BIR	walang datos	(Reps. Del Mar at Suarez)
6.Paniningil ng buwis sa windfall profits ng mga kumpanya sa telecommunication	P6 bilyon	HB 1469 (Rep. Singson)
7.Pagbaling mula net tungong gross income taxation para sa mga korporasyon at negosyo	walang datos	HB 1468 (Rep. Singson)
8.Pagbibigay ng general tax amnesty	walang datos	HB 552 (Rep. Suarez)

Pinaghalawan: Bayan Muna

Bunga ng deregulasyon, pinahihirapan na nang husto ng sunud-sunod na pagtataas ng presyo ng mga produktong petrolyo ang mamamayan. Nagresulta na ito sa pagtaas ng minimum fare ng P1.50 at pagsirit ng presyo ng mga pangunahing bilihin at serbisyo. Malinaw na dagdag pabigat sa mamamayan ang P2 kada litrong pagtataas sa specific tax sa mga produktong petrolyo.

Gayundin ang epekto ng pagtataas ng VAT na isang uri ng buwis na regressive. Ibig sabihin, wala itong pagtatangi sa laki o liit ng kita ng indibidwal o korporasyon. Ibig sabihin, higit na tatamaan ang ordinaryong mamamayan bunga ng pagtaas ng singil sa mga produkto at serbisyo (kabilang ang mga utilities gaya ng tubig at kuryente).

Ipinapanukala rin ng administrasyong Arroyo ang pagpapatindi pa ng tanggalan ng mga manggagawa sa pampublikong sektor upang makatipid diumano ang gobyerno. Ayon sa Development Budget Coordination Committee (DBCC), halos 30% o 420,000 empleyado ng gobyerno ang plano nilang alisan ng hanapbuhay.

Sa madaling salita, ang ordinaryong mamamayang Pilipino ang papasan ng bigat sa naiisip na solusyon ng gobyernong Arroyo sa krisis piskal. Ganito ang ibig sabihin ng ‘burden sharing’ na ipinamamarali ng gobyerno at mga neoliberal na ekonomista sa UP.

8 Ano ang kinalaman ng IMF-World Bank sa mga panukalang solusyon sa krisis piskal?

Sa simula’t sapol ay alinsunod na sa dikta ng IMF-World Bank ang mga polisiya’t programa ng gobyerno ng Pilipinas sa usapin ng pamamahala nito ng kanyang pinansya at ng pambansang ekonomya. Para sa IMF-World Bank, dapat mabayaran ng Pilipinas ang mga utang nito sa anumang paraan alinsunod sa balangkas ng imperyalistang globalisasyon, kahit pa masakripisyo ang kagalingan ng mamamayan.

Halimbawa, ang Memorandum of Economic and Financial Policies (MEFP) na pinasok ng bansa sa IMF noong 1998 ay naglalatag ng pagpapataas ng buwis at malawakang pribatisasyon para sa fiscal consolidation ng bansa. (Tingnan ang **Kahon**)

Kahon
Nilalaman ng MEFP

a. fiscal consolidation
- pagtataas ng mga panibagong buwis
- mas malakihan at kumprehensibong pribatisasyon
- pagbabawas sa gastusin ng gubyerno

b. pagpapatatag ng kabuuang ekonomya
- pagpapababa sa implasyon
- pagpapaliit ng interest rates

c reporma sa sistemang pampinansya
- todotodong pagbubukas sa sektor ng pananalapi tulad ng pagpapasok ng mga dayuhang bangko
- pagpapaliit ng buwis sa mga transaksyong pampinansya
- pagluwag sa mga patakarang pambangko

d. liberalisasyon ng ekonomya
- maksimum na pribatisasyon
- ibayong pagluluwag sa kalakalan laluna sa agrikultura
- pagtanggal sa mga nalalabing restriksyon sa pagpasok ng dayuhang pamumuhunan
- deregulasyon

Alinsunod pa rin sa MEFP ang binuong Medium-Term Philippine Development Plan (MTPDP) 2001-2004 ni Arroyo nang umupo ito noong 2001. Nag-ambisyon ang gubyernong Arroyo na magpatupad ng programa para paliitin ang depisito sa badyet at makamit ang isang balansyadong pambansang badyet pagdating ng 2006. Pangunahing hakbang na ginawa ay pataasin ang kita sa pamamagitan ng epektibong paniningil ng buwis at ang pagtitipid sa gastusin ng gubyerno. Dagdag pa dito ay ang pagpapasigla sa pamumuhunan sa bansa sa pamamagitan ng special fiscal incentives, pribatisasyon at pagpapatatag sa piso.

Sapagkat mali ang pagtingin nito sa ugat ng krisis, hindi naresolba ng MTPDP 2001-2004 ang krisis sa badyet ng gobyerno. Sa katunayan, sumambulat nang tuluyan ang krisis sa badyet at napilitan ang gubyernong Arroyo na babaan ang mga target nito at sa halip na 2006 (orihinal na target) ay sa 2009 pa ang pagkakamit ng balansyadong pambansang badyet. Ang tanging ramdam ay ang patuloy na pagsakal sa mamamayan sa pamamagitan ng pagtitipid sa mga serbisyong panlipunan, pagpapataw ng sari-saring buwis at taripa, pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin at singil sa batayang serbisyo, kawalan ng trabaho at pananatili ang mababang sahod.

Sa panibagong termino ni Arroyo, inilatag niya ang mas mapaniil pang mga panukala upang tugunan ang krisis piskal at ang lahat ng ito ay alinsunod pa rin sa mga payo ng IMF. Mula Hunyo 25 hanggang Hulyo 8, 2004, isinagawa ng IMF ang regular nitong post-program monitoring sa bansa. Batay dito, tatlong prayoridad na patakaran ang lumabas – pagpapasigla sa sektor pampinansya, pagpapabilis sa pribatisasyon ng NAPOCOR at ng buong industriya ng kuryente, at pagpapalakas sa fiscal performance.

Sa pagpapalakas sa fiscal performance ng bansa, iginiit ng IMF ang pagpapataas sa kita ng gobyerno para mabawasan ang depisito ng pampublikong sektor at gawing sustainable ang utang. Upang magawa ito, inilista ng IMF ang mga kinakailangang policy measures gaya ng pagtataas at indexing ng mga buwis sa alkohol, tabako, at produktong petrolyo; tax amnesty; at reporma sa tax administration. Bukod dito, iminumungkahi rin ng IMF ang pagpapataas sa VAT ng hanggang 15 bahagdan. Kung mapapansin, ang mga panukalang ito ang laman rin ng tugon ng gobyernong Arroyo sa krisis piskal ng bansa.

9 Ano ang solusyon sa krisis sa badyet at utang?

Ang hamon sa administrasyong Arroyo ay kung paano mapagkakaisa ang lahat ng sektor upang suportahan ang kampanya nitong masawata ang krisis sa badyet at utang. Subalit mahihirapan ang gobyerno kung ipipilit nito ang preskripsyon ng IMF-World Bank na mga bagong buwis at iba pang anti-mamamayang imposisyon.

Hindi katanggap-tanggap kahit ang sinasabing burden sharing ng gobyerno para sa ordinaryong manggagawa, mahirap na magsasaka, at iba pang naghihirap na sektor. Hindi lang dahil halos hindi na sila makagulapay sa tumitinding atake ng kahirapan – pagtaas ng halaga ng pamumuhay, kawalan ng trabaho, at mababang kita. Kundi sa kanilang balikat din ipapapasan ang halos lahat ng bigat upang malampasan ng bansa ang krisis piskal.

Sa ganitong kalagayan, nakasalalay sa mamamayan ang pagtutol sa di makatarungan paninindigan ng gubyerno sa usapin ng utang at depisito sa badyet. Magmumula ito sa pagpapalakas ng kilusan ng mamamayan na titindig laban sa patakaran sa pangungutang at matitiyak ito sa patuloy na pagmumulat, pag-oorganisa at pagkilos.

Sa kagyat, kailangang tutulan ang pagpapatupad ng mga bagong buwis at igiit ang mas makatwiran at maka-mamamayang tugon sa krisis piskal. Kabilang dito ang mga sumusunod:

a. Itaas ang buwis at taripa sa mga produktong imported

Nasa P100 bilyon ang nawawalang kita ng gobyerno dahil sa pagbabawas at pag-aalis sa mga buwis at taripa na ipinapataw sa mga inaangkat na produkto ng bansa. Kung tutuusin, maari pa itong itaas kahit pa sa ilalim ng mga komitment ng bansa sa World Trade Organization (WTO). Halimbawa, noong 2001, pinapayagan tayo ng WTO na maningil ng hanggang 27.53% na taripa subalit ang aktwal nating ipinapatupad ay nasa 6.7% lang. Subalit hindi dapat isama sa tataasan ng taripa ang mga sensitibong produkto gaya ng langis at bigas. Bagkus, dapat ipasok sa sistema ng centralized procurement (gobyerno lang ang eklusibong magi-import) ang mga produktong ito.

***b. Reporma*hin ang sistema ng pangungulekta ng buwis**

Umaabot sa P179 bilyon ang nawawalang kita ng gobyerno dahil sa leakages sa sistema ng koleksyon sa interest income tax, documentary stamp tax, gross receipt tax, excise tax sa mga produktong tabako, VAT, individual at corporate income tax. Kahit pa kalahati lamang nito ang makulekta ng BIR, nasa halos P90 bilyon pa rin ang madadagdag sa kaban ng bayan – mataas pa ng P10 bilyon kumpara sa P80 bilyong tinatayang kikitain sa walong tax measures ni Arroyo.

c. Bawasan ang mga insentibong ibinibigay sa mga negosyo

Umabot sa mahigit P229 bilyon ang nawalang kita ng gobyerno noong 2003 dahil sa napakaraming mga insentibong ibinibigay nito sa mga mamumuhunan. Kahit na 50% lang nito ang bawiin ng administrasyong Arroyo, nasa P165 bilyon pa rin ang madadagdag sa kita ng gobyerno. Dapat pagtuunan ang mga insentibong ibinibigay ng Philippine Export Zone Authority (PEZA) at Board of Investment (BOI) sa mga malaking dayuhang korporasyon. Sa kabilang banda, dapat panatilihin at dagdagan pa ang mga insentibong ibinibigay sa mga maliit na lokal na negosyo.

d. Ipatupad ang debt cap

Samantala, dapat ding ipangampanya ng mamamayan ang mga makabuluhang reporma sa pamamahala (management) ng gobyerno sa mga utang ng bansa. Kailangang ipilit ng mamamayan ang pagbasura sa awtomatikong pagbabayad ng utang at pagpapawalang-bisa sa PD 1177 at EO 292. Kapalit nito ang patakarang debt cap o paglimita sa pangungutang at pagbabayad ng utang ng gobyerno. Sa ganitong paraan, natitiyak ng gobyernong hindi matutuyot ang mga rekurso nito at may sapat na pondo para sa mga batayang panlipunang serbisyo.

e. Bawasan ang utang

Kasabay nito, mahalaga ring ipangampanya ang pagbabawas sa utang ng gobyerno. I-rebyu ang lahat ng utang ng gobyerno upang maituro ang mga utang na hindi makatwiran at makatarungan. Maaaring tingnan ang mga utang ni Marcos gaya ng mga white elephant (Bataan Nuclear Power Plant) na hanggang ngayon ay binabayaran pa ng mamamayan. Maaari ding isama sa rebyu ang mga utang ng NAPOCOR na bunga ng mga di-pantay na kontrata nito sa mga IPP.

Mahalagang tandaan na isa lamang sa mga anino ng isang malapyudal at malakolonyal na ekonomya ang krisis sa utang panlabas at depisito sa badyet. Kung gayon, isang programang pang-ekonomya na malaya sa kontrol ng dayuhang monopolyo kapitalista, lokal na malalaking komprador at panginoong maylupa ang magpapalaya sa sambayanan sa krisis. Isang

ekonomyang malaya, maunlad at umaasas sa sarili sa pamamagitan ng pambansang industriyalisasyon, tunay na repormang agraryo at dayuhang pamumuhunan at pakikipagkalakalan na kumikilala sa soberanya. Sa ganitong uri lamang ng sistemang pang-ekonomya't pampulitika ganap na solusyon ang krisis piskal.

Makakamit lamang ito kung mapagpasyang mabago ng mamamayan ang lipunang Pilipino at maitatag ang demokratikong pamahalaan na nakakiling sa kapakanan ng sambayanan. Makakamit ang mapagpasyang kilos ng mamamayan sa pagpapalakas at malinaw na pagtahak ng pambansa demokratikong kilusan ng mamamayan. ■